Papaanong magpaanyaya ang 2020 CENSUS upang ang lahat ay makasali

Ang lahat ng pamamahay ay pagkakataong makasali sa pamamagitan ng internet (*on line*), sa koreo, o sa pagtawag sa telepono.

Halos lahat ng mga pamamahay ay makakatanggap ng paanyayang makasali sa 2020 Census mula mismo sa mga naglilingkod sa Postal Service o Census Bureau.

95 por siyento (95%)ng mga pamamahay ay tatanggap ng paanyayang sulat (o imbitasiyon) mula sa Census.

Mga limang por siyento (5%)ng mga pamamahay ay tatanggap ng paanyayang dala mismo ng mga kumukuha ng census.Karamihan ng di makakatanggap ng paanyayang sulat sa koreo direkta sa kanilang tinititirhan ay iyung may mga PO Boxes o kaya'y nasa lugar na nasalanta ng pangkalikasang sakuna.

Kulang-kulang sa isang por siyento (1%)ng mga pamamahay ay bibilanging tao-sa-tao ng mga kumukuha ng census mismo, sa halip na sila'y makasali sa pamamagitan ng paanyayang sulat.Gagawin lamang ito sa mga lugar na di karaniwang maabot , gaya ng Northern Maine, mga malalaot na lugar sa Alaska, at mga piling lugar ng mga American Indians na humihiling na sila'y bibilanging tao-sa-tao.

Papaanong magpaanyaya ang 2020 CENSUS upang ang lahat ay makasali

Ano ang Maaasahan sa Koreo

Sa panahon ng pagsali, ang karamihang ng mga pamamahay ay tatanggap ng paanyayang sulat sa koreo.

Ang bawat pamamahay ay maaaring sumali sa pamamagitan ng Internet ("on line"), sa koreo, o sa pagtawag sa telepono.

Ayon sa kalamangan na maaari kayong sumali *on line*, kayo ay tatanggap ng paanyayang nagmumungkahing kayo'y sumali *on line*, o isang paanyayang may kalakip na mga papeles ng mga katanungan.

Paanyayang Sulat

- Karamihang ng mga lugar sa bansa ay maaaring sumali *on line*, kaya karamihan ng mga pamamahay ay tatanggap ng paanyayang sumali *on line*para sagutin ang mga katanungan ng *census*.

- Balak naming makiugnay sa US Postal Service na di pagsasabayin ang pag paghatid ng paanyayang sulat sa lahat, nang sa gayon ay makalat ang pag gamit ng serbisyong *on line*, at ng kami'y makapagbigay sa inyo ng karapatdapat na serbisyo kung kayo'y nangagailangan ng tulong sa telepono.

Paanyayang Sulat Lakip ang mga Katanungang Papeles

- Ang mga karaniwang lugar na di maaaring mag *on line*ay tatanggap ng paanyayang sulat na may laking ng mga katanungang papeles. Ang paanyayang ito ay maglalakip din ng kaalaman kung papaano kayong sumali *on line* o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono.

ANO ANG ILALAMAN NG AMING SULAT SA KOREO

Sa pagitan ng	Kayo’y tatanggap:
Marso 12-20	Paanaya na sumali *on line* sa 2020 Census.(May mga pamamahay na tatanggap ng Katanungang Papeles)
Marso 16 - 24	Paala-alang sulat
	Pag di pa kayo nakasagot o nakipag-ugnay
Marso 26 – Abril 3	Paala-alang Post card
Abril 8 - 16	Palaa-alang sulat lakip ang Katanungang Papeles
Abril 20 – 27	Huling paala-ala bago kami dumalaw sa inyo

Maaaring mawaglit ninyo and aming sulat sa koreo

- Ang bawat pamamahay na di makasagot o makapag-ugnay sa amin ay tatanggap ng mga paala-ala at tatanggap din ng Katanungang papeles.
- Anumang uri ng paanyaya ang inyong natanggap o papaano man niyong natanggap ito -aming dadalawin ang mga pamamahay ni di sumali/sumagot/makiipag-ugnay sa amin.